



Maraming beses nating mababasa sa apat na ebanghelyo na si Hesus ay may kapangyarihang magpagaling ng mga may karamdaman, at ang pagpapagaling sa mga may sakit ay bahagi ng ministeryo ni Hesus.

Sa tagpo mula sa Ebanghelyo ni Marcos na mababasa natin ngayon, isang lalaking ketongin ang naglakas-loobnangahas— lumapit kay Hesus. Buong-kapakumbabaan siyang nakiusap, “Kung ibig po ninyo’y mapagagaling ninyo ako.”

Ang ginawa ng ketongin ay mapangahas. Sa unang pagbasa hango sa aklat ng Levitico, mababasa natin ang mahigpit na tagubilin ni Moises tungkol sa mga ketongin, “Ituturing siyang marumi at di ito dapat kaligtaang ipahayag ng saserdote” (Lev 13:2). At “hanggang may sugat, siya’y ituturing na marumi at sa labas ng kamento mamamahay na mag-isa” (13:46). Kaya nga ang ginawa ng lalaking ito ay mapangahas... lumapit siya kay Hesus kahit na siya ay itinuturing na madumi.

Hindi ba dapat nagalit si Hesus dahil nilabag ng lalaking ketongin ang batas na itinakda ni Moises sa aklat ng Levitico? Hindi ba dapat tanggihan ni Hesus ang ketongin dahil sa mapangahas nitong pamamaraan ng paghingi ng kagalingan mula sa isang kapita-pitagang guro ng Banal na Kasalutan? Maaaring ito ang mga katanungan na pumapasok sa isip natin sa puntong ito. Subalit ayon kay San Marcos, “nahabag si Hesus at hinipo siya...” Hinawakan ni Hesus ang isang tao na itinuturing ng



“ IBIG KO ”

Rdo. P. David Reyes

buong pamayanan na madumi at dapat layuan at iwasan!

“Ibig ko. Gumaling ka!” tugon ni Hesus sa pakiusap ng ketongin.

Ang mga katagang “Ibig ko” – *thelo* sa wikang Griyego – ay nangangahulugang “hangad ko.” Subalit ito rin ay pagpapahayag ng pag-ibig! Higit sa pisikal na kagalingan, naunawaan ng ating Panginoon na mas mahalaga sa ketongin na ito ang pagtanggap. Dahil sa kanyang karamdaman – sakit na itinuturing noong una na bunga ng kasalanan – siya ay itiniwalag ng kanyang komunidad at inilayo sa kanyang mga mahal sa buhay. Sapilitang namuhay sa pangungulila at pag-iisa ang ketongin.

Sa lahat ng kanyang pinagdaanan, ang pinakamahalaga sa kanya ay ang pagtanggap at pagkalinga ng kapuwa.

Higit sa pisikal na kagalingan, nakita ng Panginoon na mas kailangan ng ketongin ang pagpapatawad, pagtanggap at pagmamahal. Hinawakan ni Hesus ang ketongin. Sabi nga ni San Juan Chrysostomo, “Ang mga kamay [ni Hesus] ay hindi nadudumihan ng ketong, ngunit ang kanyang banal na kamay ang luminis sa sugatang katawan [ng ketongin].”

Ang ginawa ni Hesus ay demonstrasyon sa atin ng pagpapakumbaba. Hindi sakit, kapintasan o kakulangan ang naglalayo sa atin sa ating kapuwa, bagkus ang kawalan ng pakialam, pagiging makasarili at panghuhusga. Upang maibsan ang pagkakawatak-watak sa pamayanan, mahalagang isabuhay din natin ang sinabi ni Hesus: “Ibig ko. Gumaling ka!”

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 31:2-3)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

D'yos ko, ikaw ang kublihan, tagapagtanggol kong tunay. Iligtas mo't patnubayan yaring aking abang buhay sa ngalan mo'y umiiral.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P – Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat.

B – At sumaiyo rin.

Panung Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P – Bahagi ng propesiya sa Lumang Tipan ang naratibong sa pagdating ng Mesiyas, magiging malinis na muli ang mga may ketong. Sa ngayon, ang “ketongin” ay yaong mga nalulungkot, nahihirapan, at nangungulila sa buhay. Inaasahan tayong makasunod sa halimbawa ni Kristong na inabot ang mga taong mahihina at hindi tanggap sa lipunan. Magbunga nawa ang Eukaristiyang ito ng tunay na malasakit at pagdadamayang upang tunay tayong maging nagkakaisang pamayanan.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nag-dudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

P – Panginoon, kami'y nagkasala sa iyo.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B – Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, pinangangatawanan mong manahan sa mga may loobing tapat at maaasahan. Sa kagandahang-loob mo kami nawa'y makapamuhay bilang mga mapalad na maging iyong tahanan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa (Lev 13:1-2, 44-46)

(Umupo)

Itinatakda sa mga Israelita sa Lumang Tipan kung paano makitungo sa mga ketongin. Ang pagkatakot at pagkamuhing ito ang pamantayan sa pag-unawa natin sa Ebanghelyo sa araw na ito.

Pagbasa mula sa aklat ng Levitico

SINABI ng Panginoon kina Moises at Aaron, “Kung ang balat ninuman ay magbago ng kulay, mamaga o kaya'y magkaroon ng singaw na parang ketong,

dadalhin siya kay Aaron o sa mga anak niyang saserdote. Ituturing siyang marumi at di ito dapat kaligtaang ipahayag ng saserdote.

“Ang may ketong ay dapat magsuot ng sirang damit, hindi magsusuklay, tatakpan ang kanyang nguso at laging sisigaw ng, ‘Marumi! Marumi!’ Hanggang may sugat, siya'y ituturing na marumi at sa labas ng kamento mamamahay na mag-isa.”


— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 31)

T – Sa 'yong tulong at pagtubos ako'y binigyan mong lugod.

A. San Pablo



1. Mapalad ang tao na pinatawad na yaong kasalanan/ at nalimot na rin ang kanyang nagawang mga pagsalansang;/ mapalad ang taong sa harap ng Poon ay di naparatangan/ dahilan sa siya ay di nagkasala at hindi nanlinlang. **(T)**

2. Ako ay lumapit sa iyong harapan at sala'y inamin,/ ang aking ginawang mga pagsalansang di ko inilihim;/ pinagpasiyahan kong ang lahat ng ito sa iyo'y idaing/ at aking natamo ang iyong patawad sa sala kong angkin. **(T)**

3. Lahat ng matuwid at tapat sa Poon/ magalak na lubos dahil sa natamo nilang kabutihang kaloob ng Diyos;/ sumigaw sa galak ang lahat ng taong sa kanya'y sumunod! **(T)**

Ikalawang Pagbasa (1 Cor 10:31-11:1)

Inihahayag ni Apostol Pablo ang kanyang sarili bilang modelo ng pagsunod kay Kristo. Makakaya kaya nating sabihin ito ukol sa ating sarili? Lahat ba ng ginagawa natin ay para sa ikararantal ng Diyos?

Pagbasa mula sa unang sulat ni

Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

MGA KAPATID: Kung kayo’y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararantal ng Diyos. Huwag kayong maging sanhi ng pagkakasala ninuman—ng mga Judio, ng mga Griego, o mga kaanib sa simbahan ng Diyos. Ang sinisikap ko nama’y mabigyang-kasiyahan ang lahat ng tao sa bawat ginagawa ko; hindi ko hinahanap ang sarili kong kapakanan kundi ang kapakanan ng marami, upang maligtas sila.

Tularan ninyo ako, gaya ng pagtulad ko kay Kristo.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Aleluya (Lc 7:16) (Tumayo)

B – Aleluya! Aleluya! Narito at dumating na isang dakilang propeta sugo ng Diyos sa bayan n’ya. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 1:40–45)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

NOONG panahong iyon, may isang ketonging lumapit kay Hesus, nanikluhod at nagmakaawa: “Kung ibig po ninyo’y mapagagaling ninyo ako.” Nahabag si Hesus at hinipo siya, sabay ang wika, “Ibig ko. Gumaling ka!” Noon di’y nawala ang ketong at gumaling ang tao. Pinaalis siya agad ni Hesus matapos ang ganitong mahigpit na bilin: “Huwag mong sasabihin ito kaninuman. Sa halip ay pasuri ka sa saserdote. Pagkatapos, maghandog ka ayon sa iniutos ni Moises, upang patunayan sa mga tao na ikaw ay magaling na.” Ngunit umalis siya at bagkus ipinamalita ang nangyari, anupat hindi na hayagang makapasok ng bayan si Hesus. Naroon na lamang siya sa labas, sa mga ilang na pook, at doon pinagsasadya ng mga tao buhat sa iba’t ibang dako.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (Umupo)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (Tumayo)

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinag-pakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Pinagaling ni Hesus ang isang ketongin kahit na ito’y mangahulugang si Hesus ang magmimistulang ketongin pagkatapos. Sadyang dakila ang pag-ibig ng Diyos sa tao. Kaya ating hilingin sa ating Ama:

T – Panginoon, dinggin mo ang aming panalangin.

L – Para sa Santo Papa, mga obispo, mga pari, mga diyakono at mga relihiyoso’t relihiyosa: Patuloy nawa silang daluyan ng pagpapagaling at pagpapala sa mundo. Manalangin tayo: (T)

L – Para sa mga namamahala sa pamahalaan: Huwag nawa silang mag-alinlangang bumalangkas ng mga programang tutulong sa mga kapus-palad nating kababayan. Manalangin tayo: (T)

L – Para sa lahat ng mananampalatayang Kristiyano: Matuto nawa tayong tanggapin ang lahat ng tao anupaman ay antas ng kanyang dunong, yaman,

o pananampalataya. Manalangin tayo: (T)

L – Para sa ating mga *frontliners*: Patuloy nawa silang bigyan ng lakas ng Diyos upang sa kanilang paglilingkod sa pamayanan lalung-lalo na sa mga maysakit, tunay silang maging instrumento ng pagpapagaling ng Diyos. Manalangin tayo: (T)

L – Para sa mga yumao: Patuluyin nawa sila sa Kaharian kung saan pinapawi ang paghihirap at kalungkutan. Manalangin tayo: (T)

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, ating ipanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng ating pamayanan pati na rin ang ating pansariling kahilingan (*Tumahimik*). Manalangin tayo: (T)

P – Diyos naming Ama, ipinamalas ni Hesus kung gaano ka kalapit sa amin, lalo na sa mga nagdurusa. Dinggin mo ang aming mga panalangin at ipagkaloob mo sa amin ang tuwa at kapayapaan habang patuloy naming tinatahak ang daan tungo sa siyong kaharian.

Hinihiling namin ito sa pama-magitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay (Tumayo)

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kami nawa’y dalisayin at panibaguhin ng aming gaganaping paghahain. Kami nawa’y itaguyod ng gagawin naming ito sa pagnanais naming sundin ang loob mo sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

Prepasyo (Karaniwan IV)

P – Sumainyo ang Panginoon.
B – At sumaiyo rin.
P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
B – Itinaas na namin sa Panginoon.
P – Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
B – Marapat na siya ay pasalamatan.
P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya ay naging kapwa naming maaasahan upang may mangu-nang umako sa pananagutan dahil hangad mong magbago ang kinamihansang pagkakanya-kanya ng sangkatauhan. Bunga ng pagtitiis, siya ay nanaig at ang kamatayan ay kanyang nilupig kaya't siya ang aming Daan para aming masapit ang iyong tapat na maaasahang pag-ibig.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan!

(Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B – Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas, at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang

(Lumuhod)

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607 88953416

sambuhay.missalette@gmail.com marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH Facebook.com/sambuhay.missalette

dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyon
(Slm 78:29-30)

Sa pagkaing ibinigay ng Panginoong Maykapal ay nasiyahan ang tanan. Kanilang inaasaha'y nagkamit ng katuparan.

Panalangin Pagkapakinabang
(Tumayo)

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, kaming pinapagsalo mo sa banal na pakikinabang ay gawin mong laging manabik na pagsaluhan ang kaloob mong ito sa aming ikabubuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. (Tumahimik)

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang

karunungan nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.
B – Amen.

P - Gawaran nawa ng kapanatagan ng Diyos ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.

B - Amen.

P - Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan.

B - Amen.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahal in at panglikuran.
B - Salamat sa Diyos.

SUBSCRIBE TO OUR SAMBUHAY DIGITAL MISSALETTE

For inquiries and orders:

Sambuhay@stpauls.ph

(02) 8895-9701